HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY
Vol. VIII No.35 July 29-Aug.4, 2024 10.00 ISSN No.: 2672-3034



VICE-MAYOR HOMER SAQUILAYAN
*Imus City, Cavite*

# BPMC's roll its wheels to CALABARZON , MIMAROPA and Bicol regions

P.5

## OVP, NAKAHANDA NA UPANG MAGHATID NG TULONG SA MGA REHIYONG NAAPEKTUHAN NG SUPER TYPHOON CARINA




Inihanda na ng Opisina ni Vice President Inday Sara Z. Duterte ang mga relief goods para sa mga lugar na naapektuhan ng Bagyong Carina partikular sa rehiyon ng NCR at CALABARZON.

Nakikipag-ugnayan na ang OVP Disaster Operations Center (DOC) sa mga lokal na Disaster Risk Reduction and Management Council (DRRMC) at sa iba't ibang local government units (LGUs) upang maipahatid ang tulong sa mga nasalanta ng Super Typhoon Karina.





*Hangad ni Mayor Jon-Jon Ferrer na maging kaagapay ng bawat Gentriseño lalo na sa oras ng pagsubok. Kaya naman patuloy sa Pamahalaang Lungsod sa pagbibigay ng tulong medikal, burial at pinansyal sa mga kababayan nating lubos na nangangailangan.*

*Kaisa sina Cong. Ony, Vice-Mayor Jonas at buong Team GenTri, makakaasa na paiigtingin ang paghahatid ng mga programa at serbisyong mangangalaga sa inyong kapakanan.*

*Let's Join Forces for a More Progressive City of General Trias!*

*Umabot sa 4,030 Imuseño ang nabigyan ng 10 kilong bigas sa tulong ni Senator Loren Legarda na ginanap sa Imus Sports Complex.*

*Personal din dumalo si Mayor Alex Advincula sa programang ito kasama sina Vice Mayor Homer Saquilayan, Cong. Adrian Jay "AJ" Advincula, mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod, at ang panauhing pandangal na si Sen. Loren Legarda. Kasabay ng pamimigay ng bigas ay namahagi rin sa ating mga kababayan ng wall clock at payong.*

*Lubos po kaming nagpapasalamat sa tulong ninyo sa mga Imuseño, Sen. Loren!*








ADVERTISE WITH US! Contact Number: 09407502964 3 E-mail Address: humanitynews@yahoo.com

# COORDINATION AND ROAD CLEARING EFFORTS FOR SCHOOL OPENING IN BACOOR







The Office of The Mayor, under the leadership of Mayor Strike B. Revilla, organized a crucial meeting to discuss and plan for the upcoming school opening in the City of Bacoor.

The primary purpose of the meeting was to address the necessary actions for the imminent school reopening in Bacoor. Additionally, the discussion focused on the clearing of sidewalks to provide safe pathways for students to walk and reduce the congestion on roads.

The meeting took place at the SBR Conference Room today July 23, 2024, signaling the proactive approach of the local government in preparing for the return of students to school. **(City Government of Bacoor)**

Humanity news publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday Province of Cavite

Main Office:
667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number:
09497849109/09075029643
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

our website:
www.humanitynewsph.com

**AURELIO P. BAUTISTA**
PUBLISHER/EDITOR-IN-CHIEF

**LEXTER LUMAS BAGAPORO**
BUSINESS MANAGER

**VER C. BAUTISTA**
EXECUTIVE OFFICER

**KRISTEL. LUMAS**
LAY-OUT ARTIST

**ANTHONY LUMAS**
ACCOUNT EXECUTIVE

All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purpose without prior written permission from the publisher and its writers/ columnist.

Note: All news articles by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

MEMBER:
PRIME ALLIANCE OF PUBLISHERS, EDITORS, & REPORTERS of the Philippines Inc.
PAPER.PH


Subscription Rates: 1 year 52 Issues = Php 520.00
Legal Notices: 1 col. Per cm. rates = Php 160.00
Advertisement Rate: Per column = Php 200.00





*Nagtulong-tulong ang mga residente sa Brgy. Ligtong-IV sa bayan ng Rosario Cavite upang matanggal ang mga puno na nakabara sa ilog ng Malimango.*

*Ang sama-samang pagtutulungan ng mga Pinoy ngayon ay patuloy na umaalab ang init ng bayanihan sa gitna ng unos.* **(PIA CAVITE)**



**MAKATANG KABITENYO**
**DLSU-DASMARIÑAS AWARDEE**
**MAKATANG KABITENYO 1999**
**F&A.M LINCOLN LODGE # 34**
**DOCTOR OF HUMANITIES (HONORIS CAUSA)**
**DR. AURELIO PAREDES BAUTISTA**

## Clue

Tayo'y naglalakbay sa patutunguhan,
Ang patutunguhan ay di natin alam,
Alam mo ang nais at gustong makamtan,
Kung papalarin ka'y di naman malinaw.

2) At nagpahula ka, nag-alay pa mandin,
Pati mga paham pakay mong tanungin,
Walang makatiyak sa kanyang landasin,
Kaya ang panghuli, gawa mo'y dalangin.

3) Dalawa ang lagi nating nakikita,
Isa ay ang tiyak na litaw sa mata,
Hapon saka gabi bago ang umaga,
Tiyak dahil ang Diyos ang may likhang ganda.


4) Ikalawa naman ay likha mong plano,
Kahit anong gawin plano lamang ito,
Walang katiyakan pagdating sa dulo,
Maliban Lumikha'y umayon sa gusto.

5) Kung hindi matiyak kailangan mo ng clue,
Makukuha ito sa landas na piho.
Masdan mo ang taong nasasalubong mo,
Sila ba'y kaugnay sa nais mo't plano?

6) Pag hindi kaugnay at ang progreso mo
Ay tila mahirap sa punyaging gusto,
Subuking ilipat sa merong amigo
Na naging kaugnay sa planong binago.

7) Dili kaya naman, mga sumasapit
Ay kontra na doon sa gustong masungkit,
Dapat na baguhin , di na makakamit,
Maliban iugnay sa gusto ng Langit.

8) Hindi basta plano saka pagsisikap,
Kailangan talento sa nais matupad,
Kailangan din ang clue upang di maghirap,




1,600 beneficiaries and nabigyan ni Cong. Lani Revilla ng Assistance for Individuals in Crisis Situations o AICS mula sa tanggapan ni Sen. Bong Revilla Jr. kamakailan. Bilang ayudang magtatawid sa inyong pangangailangan, nawa'y maibsan nito ang inyong pinagdadaanan!



# ONWARD FORWARD GEN. TRIAS CITY

CONG. ONY FERRER




## CALLING COLLEGE STUDENTS! MAY GOOD NEWS PARA SA INYO.

*Narito na ang pinakahihintay na balita ng kabataang Bacooreño! Slots are now open for Tulong Dunong educational assistance from the Commission on Higher Education (CHED) and Unified Student Financial Assistance System for Tertiary Education.*

*Sa ilalim nito, makakatanggap ang qualified college students ng P15,000 for one school year.*

*Criteria for Eligibility:*

- *Bacoor resident*
- *An undergraduate student enrolled in SUCs, LUCs, and private HEIs and programs in the CHED registry*
- *With income not exceeding P400,000 combined household gross income (parents/ guardians) evidenced by the Certificate of Indigency duly issued by the Punong Barangay where the student resides*
- *Not a recipient of Tertiary Education Subsidy (TES), CHED Scholarship Programs, or any government-funded StuFAPs except FHE and AICS*

*Documentary Requirements:*

- *Accomplished TDP-TES Application Form*
- *Certified True Copy of Certificate Registration or Enrolment of 2nd Semester AY 2023-2024*
- *Certificate of Indigency with combined household income below P400K duly signed by the Punong Barangay where the applicant resides*

*LIMITED SLOTS AVAILABLE!*

*Register here: http://bit.ly/4f8DGz7*

# DSWD FAMILY FOOD PACKS, INIHATID SA CAVITE



Higit kumulang na 1,600 Family Food Pack ang inihatid ng Department of Social Welfare and Development IV-A ( DSWD Region IV-A) para sa mga pamilyang naapektuhan ng bagyong Carina sa Cavite City at Rosario noong Miyerkules, Hulyo 24. Patuloy namang nakikipag-ugayan ang tanggapan sa mga lokal na pamahalaan para da paghahatid ng tulong sa mga apektadong pamilya sa buong rehiyon, lalo na ang mga inilikas dahil sa pagbaha. **(PIA CAVITE)**

## *Pagbati Mula kina:*



**Arnel 'Ony' Cantimbuhan**
*Board Member 3rd District Cavite*



**Mayor Alex "AA" Advincula**
*Imus City, Cavite*



FAMOUS PERSONALITIES

*BY*

*NICO & NIELSEN BAUTISTA*

**RUHOLLAH KHOMEINI** - Siya ay isang Iranian na pinuno ng mga Shi'Ite group at tumapos sa Monarchy ng Iran sa pama-magitan ng isang rebolusyon.



LET THERE BE LIGHT!

By

ENG'R. VER CAMPAÑA BAUTISTA

*F & A.M. Luis Olimpo Ferrer Lodge 366*

**KAY INISDA** - Ang lugar na ito sa Gen.E. Aguinaldo ay dating pagmamay-ari ni Inisda.

# BFP TAGUIG CITY RECIEVES RESCUE VEHICLE FROM LGU'S DURING CEREMONIAL TURN OVER AND BLESSINGS




Under the exemplary governance and leadership of Mayor Maria Laarni "Ate Lani" L. Cayetano, the City Government of Taguig proudly held a ceremonial turnover and blessing of brand new vehicles and equipment for search and rescue operations.


The event marked a significant milestone in our city's commitment to safety and preparedness. The Bureau of Fire Protection (BFP) Taguig City Fire Station, led by FSUPT MELCHOR B ISIDRO, City Fire Marshal, was honored to receive 8 brand new motorcycles and 1 brand new ambulance. FSUPT ISIDRO expressed his gratitude to Mayor Maria Laarni "Ate Lani" L. Cayetano and the entire city government of Taguig, emphasizing the crucial role these vehicles will play in enhancing response times and operational efficiency during emergencies.

In addition, the Taguig City Disaster Risk Reduction and Management Office (TCDRRMO), was also a proud recipient of essential equipment and firefighting apparatus, further strengthening our city's disaster readiness.

This initiative underscores our collective dedication to ensuring the safety and well-being of all Taguigeños. Cayetano said, Together, we continue to build a Transformative, Lively, and Caring City! (Bfpphoto/Renante Arjay Jarobel/Marjorie Mahusay)

# MALAYSIAN FIRE OFFICER VISITS BFP MFD-NCR








The Bureau of Fire Protection Manila City Fire District under the leadership of FSSUPT ARISTOTLE B BAÑAGA. District Fire Marshal was visited by SSUPT 1 CAPT ROLAN AZIZ, Head of Air Operation Management, Air Division, Fire & Rescue Department of Malaysia. A distinguished delegate and speaker during the Fire Expo Philippines 2024 recently held at Hall C World Trade Center, Pasay City.

During the visit of Team Bfp-Ncr to observe fire operation in Malaysia Ssupt Aziz is the one welcome and assisted the groups which formulate a good relationship between the two agencies. As a gesture of respect and courtesy Fssupt Bañaga tour the officer to the building how the office operation is concerned. (Renante Arjay Jarobel/ Marjorie Mahusay)

# BPMC's roll its wheels to CALABARZON , MIMAROPA and Bicol regions












To mark a significant step towards a healthier Philippines, the Cavite province, under the leadership of Governor Jonvic Remulla, was given the privilege to host the Turnover Ceremony and Distribution of Bagong Pilipinas Mobile Clinics (BPMC) to 16 provinces of Regions IV and V at Taal Vista Hotel, Tagaytay City, on July 17, 2024.

The event was initiated by the First Lady of the Philippines, Atty. Liza Araneta Marcos, through the Department of Health, as a response to the much-needed medical care of the Filipinos, especially those in the underserved communities and remote areas.

These BPMC vans are equipped with machines and apparatus to bring vital healthcare services closer to the constituents. The services include X-ray, Ultrasound-Electrocardiogram test, Blood screening, and other laboratory tests and procedures.

Senator Francis Tolentino, Governor Jonvic Remulla, Vice Governor Athena Tolentino and the Mayors of Cavite graciously welcome the First Lady, honorable governors and DOH representatives upon their arrival at the venue, expressing their enthusiasm for hosting such an important event in the province. Cavite is one of the 16 provinces' recipients of the Bagong Pilipinas mobile clinics.

The BPMC project is part of the LAB for ALL initiative of the First Lady, underscoring their support and commitment for the delivery of accessible primary healthcare services across the country.

"Sama-sama tayong babangon muli para sa Bagong Pilipinas." FL Marcos stated.

# LIBRENG CHARGING STATION, WIFI, AT KAPENG MAINIT ALOK NG ISANG BRGY SA CAVITE DULOT NG PAGKAWALA NG SUPLAY NG KURYENTE



Libreng ipinapagamit ng isang barangay sa Cavite City ang kanilang generator para makapag-charge ng cellphone ang mga residente nito.

Umaga pa lamang ngayong araw, Hulyo 24, 2024 ay nawalan na ng suplay ng kuryente ang maraming barangay sa lungsod ng Cavite City bunsod na masungit na panahon dulot ng bagyong Carina.

Bukod sa free charge ng cellphone at libre din silang makakagamit ng wifi upang makausap at makontak nila ang mga pamilyang nasa malalayong lugar.

Dahil malamig daw ang panahon dahil sa walang humpay na pag-ulan ay libre ding makaka-inom ng kapeng mainit ang mga tao habang naghihintay na maicharge ang kani-kanilang mga cellphone.

"Kailangan nating gumawa ng paraan upang matulungan ang ating mga residente. Mahalaga ang komunikasyon sa panahon ngayong dumaranas tayo ng kalamidad", salaysay ni Brgy. Capt. Zaldy Consigo ng Brgy. 58-M Patola.

Binigyang diin ni Consigo na bukas sa din sa mga taga ibang lugar ang kanilang inaalok.

"Welcome po kayong lahat dito. Para po sa ating lahat ito", pagtatapos ni Consigo.

# DPWH-MM1ST DEO NAGHATID NG SCHOOL SUPPLIES SA 200 NA MAG-AARAL SA PASIG CITY








Bilang pakikiisa sa programang Oplan Balik Eskwela ng Department of Public Works and Highways na may layuning mapanatili ang matatag, at maayos na pagbubukas ng eskwela - naghatid ng school supplies, at iba pang mga aktibidad ang Metro Manila 1st District Engineering Office sa mga mag-aaral ng Pinagbuhatan Elementary School kamakailan na ginanap sa lungsod ng Pasig.

Sa pamumuno nina District Engineer ARISTOTLE B RAMOS, at Assistant District Engineer LAMBERTO C DE LEON,150 na mag aaral ng Pinagbuhatan Elementary School ang nakatanggap ng school bags, learning kits, snacks, at libreng gupit. Ang outreach program ay dinaluhan din ng mga opisyales ng MM1st DEO, kabilang sina: Construction Chief, Engr. Eduardo B. Del Rosario; Planning and Design Chief, Engr. Elino V. Castro; Administrative Chief, Atty. Erwin A. Paat; Maintenance Chief, Engr. Michael Adrian C. Montero; Quality Assurance Chief Engr. Reynaldo F. Acido; Procurement Chief, Engr. Rodel A. Santos; at Finance Chief, Engr. Ericka O. Antazo.

Ayon kay DE Ramos, bukod sa pagbibigay ng school supplies, nagsagawa rin ng mga repairs, repainting, at misting sa paaralan, upang ihanda at gawing kaaya-aya ang mga silid aralan para sa nalalapit na pasukan. Sa darating na July 26, 2024, mahigit kumulang 50 pang mga mag-aaral ng Nagpayong Elementary School ang makakatanggap din ng tulong mula sa ahensya.

Magpapatuloy ang DPWH-NCR sa paghatid ng tulong sa mga pampublikong paaralan, tungo sa maayos na pagbubukas ng klase sa rehiyon. (Dpwhphoto/ Renante Arjay Jarobel/ Marjorie Mahusay)

# MFM BFP CAINTA RENDERS COURTESY CALL TO MAYORA NIETO







The Bureau of Fire Protection Cainta Municipal Fire Station under the leadership of FSINSP RONALDO P NALOG, Municipal Fire Marshal rendered courtesy call to Hon. Mayor Ma. Elenita D Nieto, and to the Administrator, Atty. Johnielle Keith P Nieto held at the Municipal building office.

The courtesy visit included topics such as improving services and launching a community-based fire safety awareness program. This meeting marks a strengthened collaboration and shared commitment to the safety and well-being of our community.


This aims to foster harmonious relationship and to establish collaborative efforts to address public safety and a fire safe municipality. **(Bfpphoto/Renante Arjay Jarobel/Marjorie Mahusay)**

Happy Birthday



"LEONELL BATONGBAKAL" ENGR. II

*QUALITY ASSURANCE SECTION DPWH MM1DEO*




## Kiddie Power Class para sa malusog na pangangatawan ng batang Imuseño





Naging masaya ang pagkatuto ng 25 batang Imuseñong edad tatlo hanggang anim na taon ukol sa malusog na pangangatawan sa handog na Kiddie Power Class ng Imus City Health Office noong Biyernes, Hulyo 19, 2024, na ginanap sa Imus Youth Center, Imus Pilot Elementary School.

Ibinahagi ni Teacher Katrina Grimaldo, SPED teacher ng Bethany Bible Baptist Academy, ang kahalagahan ng pagkain ng masusustansyang pagkain sa pagsasalaysay ng istoryang "Makulay na Buhay ni Lilay."

Pinangunahan naman nina Teacher Bettina at Danielle Arrojo, good news class teachers ng Bethany Bible Baptist Church, ang interactive learning sa pamamagitan ng pagkanta, pagsayaw, at paglaro ng puzzle at memory games.

Handog din ng programa ang libreng dental checkup mula kina Dr. Dong Parnala at Dr. Sherryl Calderon. Nakatanggap din ng dental kit at nutritional loot bags ang mga kalahok.

Nakisaya rin sina City Nutrition Action Officer Dr. Ferdinand Mina at City of Imus Youth Affairs Office Officer-in-Charge Jericho Reyes.

Ang Kiddie Power Class ay bahagi ng pakikiisa ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa pagdiriwang 50th Nutrition Month na may temang "Sa PPAN (Philippine Plan of Action for Nutrition): Sama-sama sa Nutrisyong Sapat Para sa Lahat!"

Kinikilala ng Presidential Decree No. 491, s. 1974, o Nutrition Act of the Philippines ang buwan ng Hulyo bilang Nutrition Month.

(City Government of Imus)



## CAVITE HIGHLIGHTS

By: Yna Palparan Bautista

**Luis Parang -** **Isa siyang mestisong Kastila na inalisan ng sakahang bukid dahil hindi nakabayad sa renta. Siya ay naging tulisan subali't pinatawad ng Gobernador-Heneral sa Malakanyang. Muli siyang naakusahang tulisan, nahuli at pinatay.**

## EDITORIAL

Tayo ay isang bansang binubuo ng libo-libong pulo. Ang dagat ay nag-uugnay sa atin kung marami tayong mga barko na magdadala ng kagamitan at kalakal sa isa't-isa. Isang larangan na di natin pinagtutuunan ng pansin ay ang paggawa ng mga barkong likhang Pilipino na ugma sa pansariling kalakalang dagat. Tayo ang isa sa mga pinakamahusay na supplier ng mga marino sa buong daigdig, subali't sumasakay tayo sa mga barkong hindi naman atin.

Marapat na ang Gobyerno ay pag-isipan ang sistemang magpapaunlad sa mga sasakyang dagat na atin at gagamitin sa kalakalang panloob.

Main Office: 667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number: 09497849109/09127800960
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com
our website:
www.humanitynewsph.com
HUMANITY NEWS
Annex Office: 24 Sayas St. Sabutan, Silang, Cavite
VOL.VIII NO. 35

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY
Vol. VIII No.35 July 29-Aug. 4, 2024 P 10.00

# Imus LGU, nakakuha ng High Functional at Functional Rating sa 2022 Performance Audit



Pormal nang iginawad sa Pamahalaang Lungsod ng Imus ang dalawang Plaque of Recognition nitong Martes, Hulyo 16, 2024, sa Lungsod ng General Trias para sa High Functional at Functional ratings na nakuha nito sa 2022 Performance Audit na isinagawa ng Pamahalaang Panlalawigan ng Cavite.

Nakatanggap ng 100% o Functional rating ang lungsod sa 2022 Peace and Order Council Performance Audit at 85 points o High Functional rating sa 2022 Anti-Drug Abuse Council Performance Audit.

Kabilang ang mga ito sa mga batayan upang makatanggap ng Seal of Good Local Governance.**(City Government of Imus)**



SEE YOU AT GEN. E. TOPACIO ST. NEAR THE TOPACIO COMPOUND IMUS, CITY

## DO YOU KNOW ?

*Sir Clive Sinclair invented Pocket Calculator and Wrist Watch T.V..*

(Shared by Fellowship with Humanity)

FELLOWSHIP WITH HUMANITY
Province of Cavite

**PRESIDENT: AURELIO PAREDES BAUTISTA**

**Fellowship with Humanity is a Family-Based Masonic Charity Group registered in Cavite to help in a small way alleviate the conditions of the poor. The funds come from the family income of the Bautista Family members.**



See us at General Juan Castañeda street near the Imus Plaza

# Ugnayan sa Barangay: Bote Palit Bigas Program 2024






Bote Palit Bigas Program 2024 ay handog ng Pamahalaang Lungsod para sa mamamayang Treceño. Sinimulan ito sa Barangay Cabezas at Barangay Lallana, ang programang ito ay naglalayong turuan ang mga Treceño na maging mas responsable sa pagtatapon ng mga bote at plastic bottle. Sa halip na itapon kung saan-saan, hinihikayat ang mga residente na ipunin ang mga ito at ipalit sa bigas.

Ang inisyatibong ito ay bahagi ng mas malawak na kampanya ng lokal na pamahalaan para sa kalinisan at kapaligiran, na naglalayong bawasan ang basura sa mga komunidad at bigyan ng insentibo ang mga mamamayan sa pamamagitan ng pagpalit ng mga recyclable materials sa pangunahing pangangailangan tulad ng bigas. Sa ganitong paraan, hindi lamang natutulungan ang kalikasan, kundi pati na rin ang mga pamilyang Treceño na nagiging bahagi ng solusyon sa problema ng basura.

Sa pamamagitan ng Bote Palit Bigas Program, nais ipakita ng Pamahalaang Lungsod na ang bawat maliit na hakbang patungo sa kalinisan ay may malaking epekto sa ating komunidad. Hinihikayat ang lahat na makibahagi sa programang ito para sa mas maayos, malinis, at maunlad na Trece Martires.

Abangan niyo po kami sa aming pag ikot sa inyong mga barangay.

Be blessed,
Be a blessing!
Bagong Trece,
Puso ng Cavite,
Lungsod ng Pag Asa!